



Araw-Araw

Ang maaari mong gawin para mabawasan ang smog

Transportasyon ang pangunahing pinagmumulan ng polusyong dulot ng smog sa Bay Area, at mga sasakyang may iisang pasahero lang ang may pinakamalaking kontribusyon dito. Ang numero uno na maaaring gawin ng mga residente ng Bay Area ay ang iwanan ang kanilang sasakyan sa bahay! Narito ang ilang maiinam na paraan para makatulong para sa Spare the Air!

Malayuang magtrabaho

Makatipid ng oras at pera sa pamamagitan ng pagtatrabaho sa bahay at pag-iwas sa pagko-commute!

Maglakad o Magbisikleta

Makatipid ng pera at mapabuti ang iyong kalusugan!

Sumakay ng Bus, Barko, o Tren

Maging produktibo sa iyong pagko-commute at mabawasan ang stress!

Laktawan ang Isang Biyahe o Pagsabay-sabayin ang Iyong Mga Lakad

Sa pamamagitan ng pagsasama-sama o pag-iwas sa mga biyahe, mababawasan mo ang polusyon sa hangin at makakatipid ka ng pera at oras.

Iwasang magsunog ng kahoy sa loob at labas

Ang usok ay puwedeng magpalala sa pagkaipon ng smog, at nakakasama sa iyo at sa mga kapitbahay mo. Hindi inirerekomenda ang pagsunog ng kahoy kapag nakatakda ang Spare the Air Alert para sa smog, at ilegal ito kapag may Spare the Air Alert—Burn Ban na itinakda.

Mga benepisyo sa malinis na pag pagko-commute

- Makakatipid ng oras
- Makakatipid ng pera
- Mababawasan ang stress
- Magiging produktibo ang iyong pagko-commute
- Magkakaroon ka ng mga bagong kakilala
- Makakapag-ehersisyo ka at mapapabuti ang iyong kalusugan

Mga Tip sa Pagko-commute

Bumisita sa sparetheair.org para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga programa sa pagko-commute at iba pang posibleng insentibo na magagamit sa iyong tinitirhan at pinagtatrabahuhan.

Bumisita sa sparetheair.org o 511.org para sa pang kalahatang opsyon sa kalinisan ng hangin habang nag ko commute!

PATULOY NA MAKIPAG-UGNAYAN

